
# Ilan sa mga prosesong kemikal na ginamit ni Marie Curie sa paghihiwalay ng Radium.

*Pagkatapos makagawa ng synthetic minerals, ihihiwalay natin ang isang partikular na elemento na ipapalit sa Radium: ang pampakulay.*

## Hakbang 1: Ang Decanting




1. Kumuha ng isang maliit na piraso ng "mineral".
2. Pulbusin ito.
3. Ibuhos ito sa beaker na puno ng tubig.
4. Haluin.

## Hakbang 2: Ang paghihiwalay ng natutunaw sa hindi natutunaw




1. Hintaying matapos ang decanting.
2. Kutsarahin ang mga nakalutang.
3. Ibuhos ang laman ng beaker sa filter ng hindi hinahalo ang ilalim.


## Hakbang 3: Epekto ng kimikal



1. Ibuhos ang suka sa filter.
2. Magdagdag ng suka hanggang tumigil ang pagbula at pagtunog nito.
3. Hintaying matapos ang reaksyon.
4. Hayaang mag-evaporate hanggang matuyo.



## Hakbang 4: Fractioning by Crystallisation




1. Buhusan ng kaunting mainit na tubig ang residue o natira.
2. Haluin hanggang matunaw.
3. Ibuhos ito sa Petri dish at palamigin.
4. Itagilid ang Petri dish: maghihiwalay ang kulay.

*Makakakuha ng mas puro (concentrated) na produkto sa paulit-ulit na paggawa ng mga hakbang na ito.*

Mga Aralin ni Marie Curie